



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2021 - 037
Serye 2021

**KAUTUSANG NAGPAPALAWIG SA PAGPAPATUPAD NG
COVID-19 ALERT LEVEL 2 SA BAYAN NG BULAKAN MULA IKA-15
HANGGANG IKA-30 NG NOBYEMBRE, 2021.**

SAPAGKAT, noong ika-8 ng Marso, 2020 si Pangulong Rodrigo Roa Duterte ay nag-isyu ng Proclamation No. 922 na nagdedeclarang nasa "State of Public Health Emergency" ang buong bansang Pilipinas dahil sa banta ng 2019 Novel Coronavirus at ang lahat ng sangay ng pamahalaan ay inaatasang gawin ang lahat ng mga nararapat upang masugpo ang paglaganap ng sakit na ito sa komunidad;

SAPAGKAT, sa bisa ng Presidential Proclamation No. 929 idinedeclarang nasa State of Calamity ang buong bansa hanggang Setyembre 21, 2021 at Presidential Proclamation No. 1218 na nagbibigay ng ekstensyon sa deklarasyon ng Kautusang ito hanggang Setyembre 12, 2022;

SAPAGKAT, ang Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF) ay naglabas ng bagong pamantayan kapalit ng klasipikasyong pangkwarentina noong Oktubre 29, 2021, at ito ay tinawag na "*Alert Level System for COVID-19*" kung saan ang bayan ng Bulakan ay kabilang sa idineklarang nasa Alert Level 2 mula ika-15 hanggang ika-30 ng Nobyembre, 2021;

SAPAGKAT, alinsunod pa rin sa Seksyon 444, (2), (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 ang Punong Ehekutibo ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

SA MAKATUWID, AKO, SI VERGEL C. MENESES, Punong Bayan ng Bayan ng Bulakan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob ng mga umiiral na Batas, ay ipinag-uutos na ipagpatuloy ang pagpapatupad ng Kautusang Pang-Ehekutibo Blg. 36 na inisyu noong Oktubre 30, 2021 hinggil sa bagong "*Alert Level System for COVID-19*" at nagpapalawig ng pagpapatupad ng *Alert Level 2* sa Bayan ng Bulakan mula ika-15 hanggang ika-30 ng Nobyembre, 2021.

NILAGDAAN ngayong ika-14 ng Nobyembre, 2021 sa Bayan ng Bulakan.


VERGEL C. MENESES
Punong Bayan